

Naisip Mo Na Ba... Sino ang Namamahala sa Sansinukob?



Bag-ayayaya Para sa mga Pilipino

Araw-araw, ang araw ay sumisikat sa tamang oras, nagkakasunod ang gabi at araw, lumalaki ang mga halaman, at tumitibok ang mga puso nang walang sinumang umutos.

Maaari ba itong mangyari nang walang Manlilikha?

At posible bang umiral ang ganitong perpektong sistema nang kusa lamang?

Inaanyayahan tayo ng Islam na magnilay, at malinaw na sinasagot nito:

May isang Diyos lamang... Siya ang Allah.



Sino ang Allah?

Si Allah ang Lumikha ng lahat, Panginoon ng lahat, at Tagapamahala ng sansinukob. Walang lumikha sa Kanya, hindi Siya umaasa sa iba, at hindi Siya katulad ng anumang nilikha. Siya ang lumikha sa tao, nagbigay ng isip, at inihanda ang mundo at lahat ng biyaya nito para sa marangal na pamumuhay.

Sinabi ni Allah:

“Si Allah ang Lumikha ng lahat ng bagay, at Siya ang Tagapamahala ng lahat ng bagay.”
(Surah Az-Zumar: 62)



Malayo ba si Allah sa Tao?

Sa Islam, hindi malayo si Allah sa Kanyang nilikha. Alam Niya ang kalagayan nila, naririnig ang kanilang dasal, nakikita ang kanilang gawa, at maawain sa kanilang kahinaan. Hindi kailangan ng tao ng tagapamagitan upang manalangin kay Allah; bukas ang Kanyang pintuan para sa lahat ng lumalapit nang taas-puso.

Sinabi Niya:

“At kapag tinanong ka ng Aking mga lingkod tungkol sa Akin, tunay, ako’y malapit.”
(Surah Al-Baqarah: 186)



Bakit Nakikita Natin ang Kabutihan at Awa sa Buhay?

Ang bawat biyaya na ating naraanan ay tanda ng awa ni Allah.



Buhay...



Pamilya...



Kalusugan...



Ulan...



Pagkain...

At bagong pagkakataon araw-araw...

Lahat ito ay nagpapaalala na ang ating Lumikha ay maawain.

Kaya nagsisimula ang Muslim sa karamihan ng kanyang gawa sa pagsasabi:

“Bismillah ir-Rahman ir-Rahim.”



Bakit Nagkakaroon ng Pagsubok?

Hindi puro aliw ang buhay, at hindi rin puro hirap. Naniniwala ang isang Muslim na matalino si Allah, at sa likod ng lahat ng Kanyang itinatadhana ay may karunungan, naiintindihan man ng tao o hindi. Ang hirap ay maaaring maging dahilan ng pag-unlad, gabay sa tamang landas, o pagsusulit upang ipakita ang lakas at pasensya ng tao.



Alam Ba ni Allah ang Aking Puso?

Oo.

Alam ni Allah ang ating sinasabi, iniisip, at itinatago sa loob.

Alam Niya ang ating kalungkutan bago pa man natin sabihin, at alam ang ating mga pag-asa bago natin hilingin.

Kaya nararamdaman ng mananampalataya na si Allah ay laging kasama niya sa Kanyang kaalaman at awa.



Tinatanggap Ba ni Allah ang Nagkamali?

Lahat ay nagkakamali.

Ngunit itinuturo ng Islam na ang pintuan ng pagsisi ay laging bukas.

Kung ang isang tao ay tapat na babalik kay Allah, aamin sa kanyang pagkakamali, at magpupunyagi sa pagbabago, patatawarin siya ni Allah. Hangga't buhay ang puso at nais bumalik sa Lumikha, walang mawawalan ng pag-asa.



Ano ang Ninanais ni Allah Mula sa Ating Lahat?

Hindi ninanais ni Allah ang kayamanan o kapakinabangan mula sa tao; Siya ay mayaman sa lahat.

Ang nais Niya ay kabutihan para sa atin.

Nais Niya tayong makilala Siya at mamuhay nang may katapatan, awa, katarungan, at kabutihan. Bawat pagsamba sa Islam ay naglalayong paunlarin ang tao at palakasin ang ugnayan niya kay Allah at sa kapwa.



Simula ng Landas

Maaaring marami kang tanong tungkol kay Allah, buhay, at layunin ng tao.

Hinihikayat ng Islam ang pagtatanong, pagmumuni-muni, at paghahanap ng kaalaman. Paulit-ulit na hinikayat ng Qur'an ang tao na magnilay sa sarili at sa paligid hanggang sa makilala ang Lumikha nang may paniniwala at katiyakan.

Sinabi ni Allah:

“Ipakikita Namin sa kanila ang aming mga palatandaan sa mga hangganan at sa kanilang mga sarili, hanggang malinaw sa kanila na ito ang katotohanan.”
(Surah Fussilat: 53)



Mensahe Para sa Iyo

Kung naghahanap ka ng sagot sa pinakamalalaking tanong sa buhay, magsimula sa pagkilala kay Allah. Ang pagkakilala sa Kanya ay hindi katapusan, kundi simula na nagbibigay kahulugan sa buhay, kapayapaan sa puso, at gabay sa tao tungo sa katotohanan.

Inaanyayahan ka naming basahin ang Qur'an, kilalanin ang mensahe ng Islam, at ikinagagalak naming sagutin ang lahat ng iyong katanungan nang may respeto at katapatan.

